Lungsod ng Nagoya

タガログ語

Para sa mga Nagnenegosyo

Libro ng Suporta na Tumutugon sa Binagong Batas ng Pagtataguyod sa Kalusugan

STOP Puksain ang hindi ninanais na secondhand smoke!

- Pagbabawal ng paninigarilyo, sa patakaran, sa loob ng karamihan ng mga pasilidad
- Pagbabawal ng pagpasok ng taong wala pang 20 taong gulang sa lugar para sa paninigarilyo
- Sa paninigarilyo sa loob ng gusali, kailangan ang pagtatalaga ng sigarilyuhan
- Obligasyon ng pagpaskil ng karatula sa silid para sa paninigarilyo

Lungsod ng Nagoya Secondhand Smoke

Pakiusap sa Lahat ng Nagnenegosyo

Itinakda ang patakaran kaugnay sa sigarilyo upang mapigilan ang secondhand smoke.

Pinagtibay noong Hulyo 2018 ang batas na nagbabago sa bahagi ng Batas ng Pagtataguyod sa Kalusugan. Isinusulong ngayon ang paghahanda para sa ganap na pagpapatupad nito sa Abril 1, 2020. Sa pagbabago ng batas na ito, kasabay ng pagbabawal ng paninigarilyo liban sa tiyak na lugar ng pasilidad ayon sa klasipikasyon ng pasilidad na ginagamit ng maraming tao sa pagsasaalang-alang sa lahat, lalo na sa mga bata, pasyente at iba pang lubhang maaapektuhan ang kalusugan, upang mapag-ukulan ang pagpigil ng hindi ninanais na secondhand smoke o paglanghap ng usok mula sa sigarilyo ng ibang tao, itinatakda ang tungkol sa aksyon at iba pang dapat gawin ng mga tagapangasiwa.

Bilang halimbawa ng dapat gawing aksyon, kapag maglalaan ng lugar kung saan maaaring manigarilyo sa loob ng gusali, kinakailangang magpaskil ang tagapangasiwa ng karatula sa pasukan/labasan ng pasilidad. Kung nagpabaya sa pagpaskil ng karatula, at hindi rin sumusunod sa tagubilin at iba pa mula sa pamahalaan nang may masamang hangarin, ipapailalim sa parusang pampamahalaan (pagpapataw ng multa).

Nilalayon ng Lungsod ng Nagoya ang lipunan kung saan makapamumuhay ang lahat ng residente nang malusog at may masaganang pag-iisip batay sa "Panukala 21 para sa Malusog na Nagoya (ika-2 yugto)." Upang maiwasan ang secondhand smoke na nagdudulot ng epekto sa kalusugan ng mga residente, hinihiling ang inyong pag-unawa at pakikipagtulungan tungkol sa patakaran kaugnay sa sigarilyo.

Tungkol sa Epekto sa Kalusugan ng Secondhand Smoke

Mayroong mga sakit* na tumataas ang peligro dahil sa secondhand smoke, tulad ng kanser sa baga, ischemic heart disease, stroke at sudden infant death syndrome (SIDS). Itinatayang kung hindi lumanghap ng secondhand smoke, mga 15,000 katao bawat taon ang hindi dapat mamatay sa ganitong karamdaman.

* Mga sakit na sapat (natitiyak) ang katibayan upang ipalagay ang ugnayang sanhi at bungang ito

Mga Sakit na Tumataas ang Peligro dahil sa Secondhand Smoke



( )---porsyento ng peligrong magkaroon ng sakit kung ihahambing ang taong lumanghap sa taong hindi lumanghap ng secondhand smoke

Pinagmulan: "Paninigarilyo at Kalusugan - Ulat ng Lupon ng Pagsisiyasat kaugnay sa Epekto ng Paninigarilyo sa Kalusugan," Cancer Information Service ng National Cancer Center Japan

Tinatayang Bilang ng Namamatay Bawat Taon dahil sa Secondhand Smoke

	Lalaki	Babae
Kanser sa baga	627	1,857
Ischemic heart disease	1,571	2,888
Stroke	2,325	5,689
Subtotal	4,523	10,434
Sudden infant death syndrome (SIDS)	73	
Kabuuan	**15,030 (katao)**	

* Kinalkula kung ilang porsyento ng bilang ng mga namatay sa bawat karamdaman ang sanhi ng secondhand smoke, at minultiplika ang porsyentong ito sa bilang ng mga namatay noong 2014.

Pinagmulan: Health and Labour Sciences Research Grant para sa Proyekto ng Komprehensibong Pananaliksik ukol sa mga Lifestyle-related Disease tulad ng cardiovascular disease at diabetes mellitus "Pananaliksik kaugnay sa Masaklaw na Pagtatasa ng Epekto sa Kalusugan at Epekto sa Ekonomiya ng Hakbang ukol sa Paninigarilyo"

Sa patakaran, bawal manigarilyo sa loob ng gusali ng lahat ng pasilidad na ginagamit ng maraming tao

Kung maglalaan ng lugar para sa paninigarilyo sa loob ng inyong pasilidad, kailangang magsagawa ng pagtugon sa anumang paraan. Gamitin ang flowchart sa ibaba, at tiyakin ang kinakailangang pagtugon.

Paaralan ba, ospital, pasilidad para sa kapakanan ng mga bata atbp., o institusyong pampamahalaan ang inyong pasilidad?

A Oo | B Hindi

→ A Oo: Klasipikasyon 4

→ B Hindi:

Nagsasagawa ba ng pagtitinda ng sigarilyo nang kaharap ang mamimili sa inyong pasilidad?

A Oo | B Hindi

→ A Oo: "Cigar bar (snack), o tindahan ng sigarilyo" ba ang inyong pasilidad?

A Oo | B Hindi

* Tingnan ang pahina 5 para sa kondisyon ng cigar bar (snack) at tindahan ng sigarilyo

→ A Oo: Klasipikasyon 3

→ B Hindi:

→ B Hindi:

"Restawran at" tumutupad sa **"sumusunod na 3 kondisyon"** ba ang inyong pasilidad?

1. Bukas na sa petsang Abril 1, 2020
2. 100 m² o mas maliit ang lawak ng lugar para sa upuan ng kostumer
3. Indibidwal o maliit hanggang katamtamang laking kumpanya (50 milyong yen pababa ang kapital) ang nangangasiwa

A Oo | B Hindi

→ A Oo: Klasipikasyon 3

→ B Hindi: Klasipikasyon 1

→ A Oo: Klasipikasyon 2

Klasipikasyon 1 — Restawran (liban sa small scale na pinatatakbo na)/ Opisina atbp.
Tingnan ang pahina 3

Klasipikasyon 2 — Restawran (small scale na pinatatakbo na) Maaaring pasumitihin ng kasulatan ng pag-uulat.
Tingnan ang pahina 4

Klasipikasyon 3 — Cigar bar (snack)/ Tindahan ng sigarilyo
Tingnan ang pahina 5

Klasipikasyon 4 — Paaralan / Ospital atbp.
Tingnan ang pahina 6

Klasipikasyon 1

Klasipikasyon ng pasilidad at nilalaman ng regulasyon

Para sa Restawran (liban sa small scale na pinatatakbo na) / Opisina atbp.

Ika-2 Uri ng mga Pasilidad atbp.

Sakop Restawran (liban sa small scale na pinatatakbo na), opisina, pabrika, hotel, *ryokan* o inn, tren, barko at iba pa

Sa patakaran, bawal manigarilyo sa loob ng gusali ng inyong pasilidad. Kung maglalaan ng lugar para sa paninigarilyo, magkakaiba ang pagtugon kung maaaring maghandog o hindi ng pagkain, inumin atbp., ayon sa uri ng maaaring sigarilyuhin, at saklaw ng lugar para sa paninigarilyo.

Kinakailangang pagtugon atbp.

Huwaran ng pagtatalaga ng silid para sa paninigarilyo

	Saklaw ng lugar para sa paninigarilyo	
	Bahagi ng pasilidad	Buong pasilidad
● Maaaring maghandog ng pagkain, inumin atbp. ● Maaaring manigarilyo	Hindi maaaring magtalaga ng silid para sa paninigarilyo kung saan maaaring kumain at uminom	Hindi maaaring gawin na maaaring manigarilyo sa buong pasilidad
● Maaaring maghandog ng pagkain, inumin atbp. ● E-cigarette lamang ang maaaring sigarilyuhin	Magtalaga ng silid para sa paninigarilyo ng e-cigarette lamang (pansamantalang aksyon) Tingnan ang pahina 7	
● Hindi maaaring maghandog ng pagkain, inumin atbp. ● Maaaring manigarilyo	Magtalaga ng silid para lamang sa paninigarilyo Tingnan ang pahina 7	

* Bawal pumasok sa lugar para sa paninigarilyo ang taong wala pang 20 taong gulang.
* Kinakailangang matupad ng silid para sa paninigarilyo sa loob ng barko / tren na nagkakarga ng mga pasahero ang kondisyon para sa silid para lamang sa paninigarilyo o silid para sa paninigarilyo ng e-cigarette lamang.
* Hindi sakop sa regulasyon ng batas ang lugar na ginagamit sa pagtira ng tao (pabahay, hotel, pribadong silid sa pasilidad na pangkagalingan atbp.).

Ipapatupad ang regulasyon mula sa Abril 1, 2020.

Para sa Restawran (small scale na pinatatakbo na)

Sakop

Restawrang tumutupad sa sumusunod na 3 kondisyon

1. Bukas na sa petsang Abril 1, 2020.
2. 100 m² o mas maliit ang lawak ng lugar para sa upuan ng kostumer
3. Indibidwal o maliit hanggang katamtamang laking kumpanya (50 milyong yen pababa ang kapital) ang nangangasiwa

Sa patakaran, bawal manigarilyo sa loob ng gusali ng inyong pasilidad. Kung maglalaan ng lugar para sa paninigarilyo, magkakaiba ang pagtugon kung maaaring maghandog o hindi ng pagkain, inumin atbp., ayon sa uri ng maaaring sigarilyuhin, at saklaw ng lugar para sa paninigarilyo.

Kinakailangang pagtugon atbp.

Huwaran ng pagtatalaga ng silid para sa paninigarilyo

	Saklaw ng lugar para sa paninigarilyo	
	Bahagi ng loob ng tindahan	Kabuuan ng loob ng tindahan
● Maaaring maghandog ng pagkain, inumin atbp. ● Maaaring manigarilyo	Magtalaga ng silid kung saan maaaring manigarilyo (pansamantalang aksyon) Tingnan ang pahina 8 Mangyari lamang na magsumite ng kasulatan ng pag-uulat	Gawing tindahan kung saan maaaring manigarilyo (pansamantalang aksyon) Tingnan ang pahina 8 Mangyari lamang na magsumite ng kasulatan ng pag-uulat
● Maaaring maghandog ng pagkain, inumin atbp. ● E-cigarette lamang ang maaaring sigarilyuhin	Magtalaga ng silid para sa paninigarilyo ng e-cigarette lamang (pansamantalang aksyon) Tingnan ang pahina 7	
● Hindi maaaring maghandog ng pagkain, inumin atbp. ● Maaaring manigarilyo	Magtalaga ng silid para lamang sa paninigarilyo Tingnan ang pahina 7	Hindi maaaring gawing silid para lamang sa paninigarilyo ang buong pasilidad

* Bawal pumasok sa lugar para sa paninigarilyo ang taong wala pang 20 taong gulang.

Ipapatupad ang regulasyon mula sa Abril 1, 2020.

Klasipikasyon 3 Klasipikasyon ng pasilidad at nilalaman ng regulasyon

Para sa Cigar Bar (Snack), Tindahan ng Sigarilyo

Pasilidad na sadyang para sa paninigarilyo

Sakop Bar, snack atbp. na paninigarilyo ang pangunahing layunin, tindahan ng sigarilyo kung saan maaaring manigarilyo sa loob ng tindahan

Sa patakaran, bawal manigarilyo sa loob ng gusali ng inyong pasilidad. Maaaring gawin na maaaring manigarilyo sa bahagi o kabuuan ng loob ng tindahan.

Kondisyon para sa bar, snack atbp. na paninigarilyo ang pangunahing layunin

(1) Nagtitinda ng sigarilyo nang kaharap ang mamimili (Kasama ang pagtitinda nang door-to-door.)
(2) Pangunahing layunin ang maghandog ng lugar para sa paninigarilyo sa lugar sa loob ng gusali ng pasilidad
(3) Nagtatalaga ng kasangkapan at nagsasagawa ng negosyo ng pagpapakain at pagpapainom sa kostumer (Liban sa naghahandog una sa lahat ng "pagkaing maituturing na karaniwang pangunahing pagkain (Tala)")
(Tala) Mga kanin, mga tinapay liban sa pastry, mga noodles atbp.

Kondisyon para sa tindahan ng sigarilyo

(1) Nagtitinda ng sigarilyo o aparatong ginagamit sa paninigarilyo (tungkol sa pagtitinda ng sigarilyo, para lamang sa nagtitinda nang kaharap ang mamimili); at sa salansanan kung saan nakalagay ang tinitindang produkto sa tindahan, lumalampas sa mga 50% ang proporsyong binubuo ng sigarilyo o ng aparatong ginagamit para lamang sa paninigarilyo
(2) Pangunahing layunin ang maghandog ng lugar para sa paninigarilyo sa lugar sa loob ng gusali ng pasilidad

Kinakailangang pagtugon atbp.

Silid para sa paninigarilyo **sa bahagi ng loob ng tindahan (= silid na sadyang para sa paninigarilyo), mangyari lamang na tuparin ang sumusunod na kondisyon.**

(1) Kailangang gawing **silid para sa paninigarilyo na tumutupad sa pamantayang teknikal** na nakatakda sa batas. Para sa pamantayang teknikal tingnan ang pahina 9

(2) Sa **pasukan/labasan ng tindahan**, kinakailangang magpaskil ng karatula katulad ng larawan sa ibaba upang malaman na mayroong **"silid na sadyang para sa paninigarilyo."**

Cigar bar (snack)

Tindahan ng sigarilyo

(3) Sa **pasukan/labasan ng silid para sa paninigarilyo**, kinakailangang magpaskil ng karatula katulad ng larawan sa ibaba upang malaman na **"silid na sadyang para sa paninigarilyo"** iyon.

Cigar bar (snack)

Tindahan ng sigarilyo

* Bawal pumasok sa lugar para sa paninigarilyo ang taong wala pang 20 taong gulang.
* Mangyari lamang na i-download at gamitin ang karatula sa opisyal na website ng Lungsod ng Nagoya o iba pa.

Kung gagawing maaaring manigarilyo sa **kabuuan ng loob ng tindahan, (= tindahang (silid na) sadyang para sa paninigarilyo), mangyari lamang na tuparin ang sumusunod na kondisyon.**

(1) Kailangang gawing **silid para sa paninigarilyo na tumutupad sa pamantayang teknikal** na nakatakda sa batas. Para sa pamantayang teknikal tingnan ang pahina 9

(2) Sa **pasukan/labasan ng tindahan**, kinakailangang magpaskil ng karatula katulad ng larawan sa ibaba upang malaman na **"tindahang sadyang para sa paninigarilyo"** iyon.

Cigar bar (snack)

Tindahan ng sigarilyo

* Bawal pumasok sa lugar para sa paninigarilyo ang taong wala pang 20 taong gulang.
* Mangyari lamang na i-download at gamitin ang karatula sa opisyal na website ng Lungsod ng Nagoya o iba pa.

Ipapatupad ang regulasyon mula sa Abril 1, 2020.

Klasipikasyon 4

Klasipikasyon ng pasilidad at nilalaman ng regulasyon

Para sa Paaralan / Ospital atbp.

Instalação tipo 1 e outros

Sakop

Paaralan, ospital, klinika, klinika para sa panganganak, pasilidad ng pag-aalaga at serbisyong pangkalusugan para sa matatanda, lugar para sa treatment, pasilidad para sa kapakanan ng mga bata, gusali ng institusyong pampamahalaan atbp.

Bawal manigarilyo sa loob ng pook ng inyong pasilidad.

Subalit maaaring maglaan sa labas ng gusali ng partikular na lugar sa labas ng gusali para sa paninigarilyo.

Kinakailangang pagtugon atbp.



Tungkol sa partikular na lugar sa labas ng gusali para sa paninigarilyo

Maaaring magtalaga ng partikular na lugar sa labas ng gusali para sa paninigarilyo sa lugar na tumutupad sa sumusunod na 3 kondisyon.

1. **Nakabukod ang lugar para sa paninigarilyo**
2. **Nakapahiwatig na mayroong lugar kung saan maaaring manigarilyo**
3. **Lugar na karaniwang hindi pinapasukan ng mga taong gumagamit ng pasilidad**

* Hindi maaaring gumawa ng lugar para sa paninigarilyo sa loob ng bus, taksi at eroplano (Abril 1, 2020 ang araw ng pagpapatupad).

Ipinapatupad ang regulasyon mula noong Hulyo 1, 2019.

Klasipikasyon ng silid para sa paninigarilyo at pagpaskil ng karatula

Silid para lamang sa Paninigarilyo

Silid ito na para lamang sa paghithit ng sigarilyo. Liban sa paninigarilyo, hindi maaaring kumain, uminom o iba pa.

Kondisyon

(1) Kinakailangang gawing **silid para sa paninigarilyo na tumutupad sa pamantayang teknikal** na nakatakda sa batas.

Para sa pamantayang teknikal tingnan ang pahina 9

(2) Sa **pasukan/labasan ng pasilidad** kinakailangang magpaskil ng karatula katulad ng larawan sa ibaba upang malaman na mayroong "**silid para lamang sa paninigarilyo**."

(3) Sa **pasukan/labasan ng silid para lamang sa paninigarilyo** kinakailangang magpaskil ng karatula katulad ng larawan sa ibaba upang malaman na "**silid para lamang sa paninigarilyo**" iyon.

* Bawal pumasok sa lugar para sa paninigarilyo ang taong wala pang 20 taong gulang.
* Mangyari lamang na i-download at gamitin ang karatula sa opisyal na website ng Lungsod ng Nagoya o iba pa.

Klasipikasyon ng silid para sa paninigarilyo at pagpaskil ng karatula

Silid para sa Paninigarilyo ng E-cigarette lamang (pansamantalang aksyon)

Silid ito kung saan maaaring manigarilyo ng e-cigarette lamang. Liban sa paninigarilyo, maaari ring kumain, uminom o iba pa.

Kondisyon

(1) Kinakailangang gawing **silid para sa paninigarilyo na tumutupad sa pamantayang teknikal** na nakatakda sa batas.

Para sa pamantayang teknikal tingnan ang pahina 9

(2) Sa **pasukan/labasan ng pasilidad** kinakailangang magpaskil ng karatula katulad ng larawan sa ibaba upang malaman na mayroong "**silid para sa paninigarilyo ng e-cigarette lamang**."

(3) Sa **pasukan/labasan ng silid para sa paninigarilyo ng e-cigarette lamang** kinakailangang magpaskil ng karatula katulad ng larawan sa ibaba upang malaman na "**silid para sa paninigarilyo ng e-cigarette lamang**" iyon.

* Bawal pumasok sa lugar para sa paninigarilyo ang taong wala pang 20 taong gulang.
* Mangyari lamang na i-download at gamitin ang karatula sa opisyal na website ng Lungsod ng Nagoya o iba pa.

Klasipikasyon ng silid para sa paninigarilyo at pagpaskil ng karatula

Silid kung saan Maaaring Manigarilyo / Tindahan kung saan Maaaring Manigarilyo (pansamantalang aksyon)

Lugar para sa paninigarilyo na maaari lamang gawin sa restawran (small scale na pinatatakbo na). Liban sa paninigarilyo, maaari ring kumain, uminom atbp.

Kondisyon <Silid kung saan maaaring manigarilyo>

(1) Kinakailangang gawing **silid para sa paninigarilyo na tumutupad sa pamantayang teknikal** na nakatakda sa batas.

Para sa pamantayang teknikal tingnan ang pahina 9

(2) Sa **pasukan/labasan ng pasilidad** kinakailangang magpaskil ng karatula katulad ng larawan sa ibaba upang malaman na mayroong "**silid kung saan maaaring manigarilyo**."

(3) Sa **pasukan/labasan ng silid kung saan maaaring manigarilyo** kinakailangang magpaskil ng karatula katulad ng larawan sa ibaba upang malaman na "**silid kung saan maaaring manigarilyo**" iyon.

* Bawal pumasok sa lugar para sa paninigarilyo ang taong wala pang 20 taong gulang.
* Kung nagsumite ng kasulatan ng pag-uulat na magtatalaga ng silid kung saan maaaring manigarilyo, padadalhan kayo ng karatula.

Kondisyon <Tindahan kung saan maaaring manigarilyo>

(1) Nakabukod sa pamamagitan ng pader, kisame atbp. upang hindi bumuga sa labas ng silid ang usok ng sigarilyo (Kasama ang singaw.) mula sa loob ng silid

(2) Sa **pasukan/labasan ng pasilidad** kinakailangang magpaskil ng karatula katulad ng larawan sa ibaba upang malaman na "**tindahan kung saan maaaring manigarilyo**" iyon.

* Bawal pumasok sa lugar para sa paninigarilyo ang taong wala pang 20 taong gulang.
* Kung nagsumite ng kasulatan ng pag-uulat na magtatalaga ng silid kung saan maaaring manigarilyo, padadalhan kayo ng karatula.

*** Tungkol sa kung magtatalaga ng silid kung saan maaaring manigarilyo, tindahan kung saan maaaring manigarilyo**

- Mangyari lamang na magsumite ng kasulatan ng pag-uulat na magtatalaga sa pasilidad ng silid kung saan maaaring manigarilyo.

Tungkol sa pagsumite ng kasulatan ng pag-uulat tingnan ang pahina 10

- Kinakailangang itabi ang dokumento kung saan nakasulat ang lawak ng sahig ng bahagi para sa upuan ng kostumer sa loob ng pasilidad, at halaga ng kapital o kabuuang halaga ng puhunan. (Hindi kailangan ang pagsumite)

Pamantayang Teknikal

(Kinakailangang pagpigil sa pagbuga ng usok ng sigarilyo sa silid na sadyang para sa paninigarilyo, tindahan na sadyang para sa paninigarilyo, silid kung saan maaaring manigarilyo, silid para lamang sa paninigarilyo, silid para sa paninigarilyo ng e-cigarette lamang)

Ang sumusunod ang 3 kinakailangang pamantayan kapag maglalaan ng silid para sa paninigarilyo.

1. **Sa pasukan/labasan ng silid para sa paninigarilyo, 0.2 m bawat segundo o higit pa ang daloy ng hanging pumapasok sa loob ng silid mula sa labas ng silid**
2. **Nakabukod sa pamamagitan ng pader, kisame atbp. upang hindi bumuga sa labas ng silid ang usok ng sigarilyo (Kasama ang singaw. Ganito rin sa ibaba.) mula sa loob ng silid**
3. **Napapasingaw sa labas ang usok ng sigarilyo**

* Kung gusaling nakatayo na sa Abril 1, 2020, at hindi matutupad ang pamantayang nakasulat sa itaas sa kadahilanang hindi maaaring iugnay sa pananagutan ng taong may katibayan sa pagmamay-ari ng kapangyarihang mangasiwa, sa pamamagitan ng pagtatalaga ng booth o iba pa para sa paninigarilyo kung saan maaaring sapat na malinis at mapasingaw sa labas ang usok ng sigarilyo, maaaring mapigilan ang pagbuga ng usok ng sigarilyo sa antas na katumbas sa nakasulat sa itaas na pamantayang ①, ② at ③.

Bawal Pumasok sa Lugar para sa Paninigarilyo ang Taong Wala Pang 20 Taong Gulang

Tungkol sa taong wala pang 20 taong gulang, kahit pa hindi layunin ang paninigarilyo, walang pasubaling ipinagbabawal ang pagpasok sa lugar para sa paninigarilyo na itinakda sa batas. Tungkol dito, hindi maaaring pumasok kahit pa empleyado.

Hakbang para sa Empleyado sa Pasilidad na Mayroong Silid para sa Paninigarilyo

Sa binagong batas, isinasaad na obligasyong magsikap ng tagapangasiwa ng bawat pasilidad na gumawa ng aksyon upang mapigilan ang secondhand smoke sa mga empleyado. At sa Batas hinggil sa Kaligtasan at Kalusugan ng mga Manggagawa, ipinapataw sa nagnenegosyo ang obligasyong magsikap upang mapigilan ang secondhand smoke sa manggagawa sa loob ng gusali.
Sanggunian ang "Patnubay para sa Pagpigil ng Secondhand Smoke sa Lugar na Pinagtatrabahuhan" kung saan ipinagtipon ang mga bagay-bagay na inuutos sa Batas ng Pagtataguyod sa Kalusugan at mga bagay-bagay na dapat isagawa ng nagnenegosyo ayon sa obligasyong magsikap sa Batas hinggil sa Kaligtasan at Kalusugan ng mga Manggagawa, at isulong ang hakbang laban sa secondhand smoke ayon sa aktuwal na kalagayan ng bawat pasilidad.

* Nakalathala sa website ng Ministry of Health, Labour and Welfare ang "Patnubay para sa Pagpigil ng Secondhand Smoke sa Lugar na Pinagtatrabahuhan."

Tungkol sa Suportang Pinansyal

Mayroong sistema ng pinansyal na suporta kaugnay sa pagtatalaga ng nagnenegosyo ng iba't ibang uri ng silid para sa paninigarilyo, bilang pansuportang hakbang sa pagsasagawa ng hakbang laban sa secondhand smoke.

(Suportang pinansyal) Tulong na salapi sa hakbang sa pagpigil ng secondhand smoke

Sistema ito ng pagbibigay ng tulong para sa mga gastusin tulad ng gastusin sa pagpapatayo, gastusin sa kasangkapan, gastusin sa kagamitan, gastusin sa makina at aparato, at iba pa para sa pagtatalaga ng iba't ibang uri ng silid para sa paninigarilyong tumutupad sa tiyak na pamantayan, mula sa gastusing kinakailangan upang maisagawa ng may-ari ng maliit hanggang katamtamang laking kumpanya ang hakbang sa pagpigil ng secondhand smoke.

Para sa mga detalye Mangyari lamang na magtanong sa Aichi Labour Bureau.

Tungkol sa aplikasyon para sa tulong na salapi Dibisyon ng Pagpaplano, Departamento ng Kapaligiran at Pagkakapantay-pantay ng Empleyo Telepono: 052-857-0313

Mga teknikal na bagay-bagay kaugnay sa silid para sa paninigarilyo at iba pa Dibisyon ng Kalusugan, Departamento ng Pamantayan sa Paggawa Telepono: 052-972-0256

Obligasyon ng Pagsasaalang-alang kapag Magtatalaga ng Lugar para sa Paninigarilyo

Kinakailangang magsaalang-alang upang gawing lugar kung saan hindi magdudulot ng hindi ninanais na secondhand smoke kapag magtatakda ng lugar para sa paninigarilyo ang taong nangangasiwa sa pasilidad na ginagamit ng maraming tao. Bilang kongkretong halimbawa ng nilalaman ng tinutukoy na obligasyon ng pagsasaalang-alang, kung magtatalaga ng lugar para sa paninigarilyo, dapat **hindi italaga malapit sa pasukan/labasan ng pasilidad o sa lugar kung saan maraming gumagamit ang nagtitipon**, kung maglalaan ng silid para sa paninigarilyo, maaaring gumawa ng aksyon tulad ng **gawin itong lugar na hindi lilikha ng secondhand smoke nang ipinapalagay ang dami ng dumadaan sa paligid ng tinutukoy na lugar para sa paninigarilyo at kalagayan ng paligid nito, tungkol sa paglalabasan ng usok ng sigarilyo**.

Restawran (small scale na pinatatakbo na)

Tungkol sa Pag-uulat kung Magtatalaga ng "Silid kung saan Maaaring Manigarilyo" o "Tindahan kung saan Maaaring Manigarilyo"

Kung magtatalaga ng "silid kung saan maaaring manigarilyo," o kung gagawing "tindahan kung saan maaaring manigarilyo," mangyari lamang na iulat sa lungsod na ito ang pangalan, kinaroroonan atbp. ng tindahan sa pamamagitan ng takdang kasulatan ng pag-uulat.

[Tatanggap] * sa koreo

Health Promotion Division, Health Department, Health & Welfare Bureau, City of Nagoya

Padadalhan	Health Promotion Division, Health Department, Health & Welfare Bureau, City of Nagoya 3-1-1 Sannomaru, Naka-ku, Nagoya 460-8508
Numero ng Teleponong Mapagtatanungan atbp.	Telepono: 052-972-4058 FAX: 052-972-4152 (8:45 am - 5:30 pm liban sa Sabado, Linggo, pista opisyal, katapusan at simula ng taon)

* Kung nagkaroon ng pagbabago sa iniulat na nilalaman, o kung tinanggal ang itinalagang "silid kung saan maaaring manigarilyo" o "tindahan kung saan maaaring manigarilyo," mangyari lamang na iulat kaagad sa padadalhang nakasulat sa itaas sa pamamagitan ng takdang kasulatan ng pag-uulat.

Madalas na Itanong	Sagot
Saan maaaring makuha ang karatula?	Mangyari lamang na i-download sa opisyal na website ng Lungsod ng Nagoya o iba pa at gamitin ito.
Saan maaaring makuha ang kasulatan ng pag-uulat kung magtatalaga ng "silid kung saan maaaring manigarilyo" o kung gagawing "tindahan kung saan maaaring manigarilyo"? * Tungkol sa pasilidad kung saan maaaring magtalaga ng "silid kung saan maaaring manigarilyo" o "tindahan kung saan maaaring manigarilyo," mangyari lamang na tingnan ang pahina 4 at pahina 8.	**Sa taong nakatanggap sa koreo ng libro ng suportang ito** Mangyari lamang na gamitin ang form ng kasulatan ng pag-uulat na inilakip sa sobre sa pagpapadala sa koreo. **Liban sa nakasulat sa itaas** Mangyari lamang na i-download at gamitin ang form na nakalathala sa opisyal na website ng Lungsod ng Nagoya.
May kondisyon na "100 m² o mas maliit ang lawak ng lugar para sa <u>upuan ng kostumer</u>" kung magtatalaga ng "silid kung saan maaaring manigarilyo," ano ang ipinapahiwatig ng "<u>upuan ng kostumer</u>"? * 3 kondisyon kung magtatalaga ng "silid kung saan maaaring manigarilyo" 1. Bukas na sa petsang Abril 1, 2020 2. 100 m² o mas maliit ang lawak ng lugar para sa <u>upuan ng kostumer</u> 3. Indibidwal o maliit hanggang katamtamang laking kumpanya (50 milyong yen pababa ang kapital) ang nangangasiwa	Mula sa kabuuan ng tindahan, ipinahihiwatig nito ang bahagi bukod sa **<u>kusina</u>**, **<u>kasilyas</u>**, **<u>pasilyo</u>**, **<u>kahero</u>**, **<u>lugar na para lamang sa empleyado</u>**, at iba pang malinaw na maibubukod sa upuan ng kostumer. **<Halimbawa ng bahagi ng upuan ng kostumer>**  **Ang bahaging may asul na pahilis na guhit ang bahagi ng upuan ng kostumer.**
Paano ang pagturing sa bar (snack)?	Sa bar at snack na **<u>paninigarilyo ang pangunahing layunin</u>**, maaaring gawin na maaaring manigarilyo sa bahagi o kabuuan ng loob ng tindahan. * Tingnan lamang ang pahina 5 para sa mga detalye.

[Mapagtatanungan]
Health Promotion Division, Health Department, Health & Welfare Bureau, City of Nagoya

Address	3-1-1 Sannomaru, Naka-ku, Nagoya 460-8508
Numero ng Telepono atbp.	Telepono: 052-972-4058 FAX: 052-972-4152 (8:45 am - 5:30 pm liban sa Sabado, Linggo, pista opisyal, katapusan at simula ng taon)

Lungsod ng Nagoya Secondhand Smoke

http://www.city.nagoya.jp/kenkofukushi/page/0000024729.html

Madaling access sa QR code

Registered trademark ng Denso Wave Incorporated ang QR code ▶